



Student/Registration Number

Centre Number

2002 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Tuesday 22 October: 2 pm Eastern Standard Time

Reading Time: 10 minutes

Working Time: 2 hours and 50 minutes

- *You have 10 minutes to read all the papers and to familiarise yourself with the requirements of the questions. You may not write during this time.*
- *Monolingual and/or bilingual printed dictionaries may be used.*

Section 1: Listening and Responding (30 marks)

Instructions to Students

1. Allow about 50 minutes for Section 1.
2. Write all your answers to the questions in Section 1 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).

Part A

20 marks

Attempt Questions 1–5

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information and convey the information accurately and appropriately
-

You will hear FIVE texts. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in ENGLISH.

- | | | |
|--|--------------|-----------------------------------|
| | Marks | |
| 1. Fill in the missing information for the birth certificate form. | 2 | You may make notes in this space. |

Birth Certificate	
<i>Surname</i>	Mendoza
<i>First name</i>	Kathreen
<i>Male /</i>	<input checked="" type="radio"/> <i>Female</i>
<i>Mother</i>	Erlinda Sta Cruz
<i>Father</i>	Pedro Mendoza
<i>Date of birth</i>
<i>Time of birth</i>
<i>Place of birth</i>

- Marks**
2. (a) This conversation is between **1**
- (A) Jeko and Kido.
- (B) Nicole and Colleen.
- (C) Vince and Colleen.
- (D) Jeko and Nicole.

- (b) Why was the class reunion a happy event? **2**
-
-
-
-
-
-

3. How does this advertisement capture the listener's attention? **4**
-
-
-
-
-
-
-
-
-
-
-
-

You may
make notes in
this space.

		Marks
4.	(a) What is the main purpose of this argument?	1
	(A) To give a medical explanation for smoking-related illnesses <input type="checkbox"/>	
	(B) To present a point of view against allowing smoking in restaurants <input type="checkbox"/>	
	(C) To persuade people not to smoke <input type="checkbox"/>	
	(D) To discuss what passive smoking is <input type="checkbox"/>	
	(b) How does the speaker use language to convey his point of view?	3
	
	
	
	
	
	
	
	
	

You may make notes in this space.

5. (a) Why did Mr and Mrs Madrigal agree to change their roles?

Marks

3

You may make notes in this space.

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

(b) How successful is Mr Madrigal in conveying his point of view?

4

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

Part B

10 marks

Attempt Questions 6–7

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information*
 - *convey the information accurately and appropriately*
-

You will hear TWO texts, one relating to Question 6 and one relating to Question 7. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in FILIPINO.

	Marks	You may make notes in this space.
<p>6. (a) What is the relationship between Rene and Vicky? Ano ang relasyon ni Rene at Vicky?</p> <p>(A) Magkaibigan sa Pilipinas <input type="checkbox"/></p> <p>(B) Magkapitbahay sa Australya <input type="checkbox"/></p> <p>(C) Magkaklase sa Maynila <input type="checkbox"/></p> <p>(D) Magkapitbahay sa Maynila <input type="checkbox"/></p>	1	
<p>(b) What influences Gemma’s plans for Vicky? Anong nag-impluwensiya ng plano ni Gemma para kay Vicky?</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p>	2	

	Marks
<p>7. (a) Why has Mr Reyes been chosen for this interview? Bakit napili si G. Reyes para sa interbyung ito?</p> <p>(A) Isa siyang tanyag na tao sa Philipinas. <input type="checkbox"/></p> <p>(B) Isa siyang reporter ng pahayagan. <input type="checkbox"/></p> <p>(C) Siya ay pangulo ng isang samahang Filipino–Australyano. <input type="checkbox"/></p> <p>(D) Siya ay nagtratabaho sa Departamento ng Imigrasyon. <input type="checkbox"/></p>	1
<p>(b) What is the purpose of Mr Reyes’ article? Ano ang layunin ng artikulo ni G. Reyes?</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p>	2
<p>(c) According to Mr Reyes, how have government migration policies and programs evolved? Ayon kay G. Reyes paano nabuo ang programa at patakaran ng pamahalan ukol sa imigrasyon?</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p> <p>.....</p>	4

You may make notes in this space.

End of Section 1

BLANK PAGE



**COLLABORATIVE CURRICULUM AND ASSESSMENT FRAMEWORK FOR LANGUAGES
AUSTRALIA**

2002 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Section 1: Listening and Responding

Transcript

Section 1, Part A

Question 1

Magandang gabi sa inyong lahat. Salamat sa inyong pagdalo sa ika labing-walong kaarawan ni Kathreen. Noong ika-walo ng gabi ng ika-dalawampu't pito ng Hunyo, isang libo't siyam na raan walumpu't apat nang karamihan sa atin ay nananabik na naghintay sa pagsilang ng aming kaisa-isang supling na babae sa Philippine General Hospital.

Aming ipinagmamalaki ang kanyang narating. Hindi lamang natin ipinagdiriwang ang kanyang kaarawan nguni't pati na rin ang kanyang matagumpay na pagtatapos sa mataas na paaralan.

Uminom tayo sa matagumpay na hinaharap at masaganang kinabukasan ni Kathreen.

Question 2

VINCE: Colleen, natutuwa ako dahil buo pa ang ating klase at di kapanipaniwala ang ating mga narating.

COLLEEN: Oo nga Vince, gaya ni Jeko na kapatid ni Kido. Di ba palaging na sa opisina ng punong guro dahil sa mga kaguluhang pinaggagawa niya? Siya na pala ngayon ang punong guro ng dati nating paaralang pang elementarya.

VINCE: At si Nicole naman, siya pala ang may-ari ng "KAMAYAN".

COLLEEN: 'Yun ba ang kainang dinadayo ng mga turista?

VINCE: Siyempre, napaka-popular 'yon. Huwag mong kalilimutan na doon gaganapin ang pagsasalu-salo natin sa susunod na taon.

COLLEEN: O sige, sa muli nating pagkikita.

Question 3

Pangarap mo bang magbakasyon sa isang islang tropiko? Ang isla ng Boracay sa Pilipinas ay isang paraiso na maaari mong marating.

Ilarawan mo sa iyong isip na ikaw ay naglalakad sa tabing-dagat na ang buhangin ay kasing puti ng pulbos. Damahin sa pagitan ng iyong mga daliri sa paa ang makinis at pinong buhangin, at langhapin ang malamig at sariwang hangin habang palangoy ka sa isa sa pinaka-malinaw na dalampasigan sa mundo.

Sa Boracay ay maaari mong gawin ang anumang bagay na nais mo – lumangoy, maglayag, sumisid, o kaya'y mamahinga lamang habang pinanunuod ang marikit na paglubog ng araw.

Tumawag sa Oriental Travel 9261 3089 ngayon upang ipa-reserba ang iyong pangarap na bakasyon!

Question 4

Ang paninigarilyo sa mga restoran ay hindi kasiya-siya.

Unang-una, ang amoy ng sigarilyo sa isang restoran ay nakaka-apekto sa lahat ng tao at nakakawalang gana sa kanilang pagkain. Nagbabayad ang mga tao upang kumain ng masarap na pagkain, hindi upang mawalan ng gana dahil sa masamang amoy ng sigarilyo.

Hindi dapat ipahintulot ang paninigarilyo sa mga restoran dahil sa pinsalang nagagawa nito sa ibang tao. Sa mga taong hindi naninigarilyo, ang paglanghap ng usok ng sigarilyo ay maaaring maging dahilan ng pagkakasakit ng hika o kanser.

Ang paninigarilyo ay nakapipinsala sa kalusugan ng taong naninigarilyo. Ang sigarilyo ay sanhi ng sakit sa puso at baga, at hindi dapat manigarilyo ang mga tao kahit saang lugar, hindi lamang sa mga restoran.

Question 5

Magandang umaga mga kababayan. Sisimulan natin sa umagang ito ang pagtalakay sa isyu tungkol sa maling palagay sa mga lalaking nag-desisyon na manatili sa bahay kasama ang anak, habang ang kanilang maybahay ay naghahanap buhay. Bisita natin si Ginoong Madrigal, isang part-time na trabahador. Si Ginang Madrigal ay manedyer ng isang bangko na nagtatrabaho ng kumpletong oras sa araw-araw. Magandang umaga po sa inyo G. Madrigal.

G. MADRIGAL: Magandang umaga po naman.

RADIO ANNOUNCER: G. Madrigal, bakit po ninyo napag-desisyunan na magtrabaho sa gabi at mag-alaga ng anak sa araw?

G. MADRIGAL: Kami ni Mrs ang may gusto nito, habang maliliit pa ang mga bata. Doble ang kinikita niya sa kinikita ko.

RADIO ANNOUNCER: Ano naman ang palagay ng iyong mga kamag-anak at kaibigan sa inyong kalagayan?

G. MADRIGAL: Sa totoo lang, minsan, ang pakiramdam ko ay pinagtatawanan ako sa likod ko ng mga kakilala ko. May nagtatanong sa akin kung bakla ba ako o iniwanan ng asawa. O kung wala na ba raw akong makitang mas disenteng trabaho bukod sa pagiging tagapag-alaga ng bata.

RADIO ANNOUNCER: Nauunawaan kita. Sa tingin mo ba tatagal pa ang sitwasyong ito?

G. MADRIGAL: Hindi permanente ito. Sa ngayon lang na malilit pa ang mga bata.

RADIO ANNOUNCER: Maraming salamat sa inyong pagdalo, G. Madrigal. Harinawang matupad ang inyong mga pangarap.

Section 1, Part B

Question 6

- RUEL: Hi Gemma, Kumusta ka? Mabuti at nakita kita dahil gusto kung makausap ang iyong kapatid na si Rene.
- GEMMA: Hindi ba kayo maglalaro ng basketbol ngayong hapon?
- RUEL: Hindi matutuloy ang laro dahil dumating si Vicky galing sa Pilipinas.
- GEMMA: Hindi ba't kapit-bahay mo siya sa Maynila? Matutuwa siya kung maipapasyal natin siya sa mga magagandang tanawin at pook sa Australia.
- RUEL: Oo, sabik na sabik niya tayong makitang lahat, at gusto niya tayong kasama.
- GEMMA: Natitiyak kong mahilig siya sa mga hayop. Dalhin natin siya sa zoo para ipakita ang mga di-karaniwang hayop gaya ng Koala, Kangaroo at Tasmanian Devil.
- RUEL: Puede rin tayong pumunta sa 'Botanical Garden'. Maraming mga namumulaklak na halaman ngayon dahil spring.
- Magkikita kita tayo sa bahay ni Nene ngayong gabi upang pag-usapan ang ating plano.
- GEMMA: O sige, magkita tayo doon.

Question 7

BB.VILLA: Magandang gabi po sa inyong lahat. Ipinagdiriwang natin ang taunang “Multicultural Festival” kaya ang panauhin natin ngayon ay si Ginoong Reyes, pangulo ng isang samahan ng mga Pilipino at Australyano. Salamat po sa inyong pagdalo, Ginoong Reyes. Nabasa ko ang inyong artikulo sa pahayagan ukol sa mga imigrante.

G. REYES: Opo. Ito ay tungkol sa mga suliraning hinaharap ng mga imigrante sa bansang nag-ampon sa kanila.

BB.VILLA: May suliranin bang hinaharap ang isang lipunang binubuo ng iba’t-ibang kultura?

G. REYES: Iba-iba. May mga kulturang madaling makibagay at mayroon namang nahihirapan. ’Yung iba ay agad na umuuwi sa kanilang bansa, subali’t ang karamihan ay nanatili.

Hindi kaila sa inyo na ang mga imigrante ay iniwan ang kanilang mga bahay, pamilya at mga bagay na kinabihasan upang magsimula sa bagong bansa.

Karamihan sa mga bagong dating ay kinakailangang masanay sa maraming panibagong bagay - ibang klima, ibang mga kaugalian at ibang wika.

Maraming mga bagong dating ang walang kagalingang pantrabaho at hindi gaanong marunong magsalita ng Ingles.

Ang iba ay naninirahan malapit sa pamilya at kaibigan na makakatulong sa kanila sa oras ng pangangailangan, o kaya naman ay malapit sa pinapasukan o sa paaralan ng kanilang mga anak.

BB.VILLA: Mayroon bang mga patakaran ang pamahalaan upang matulungan ang mga imigrante?

G. REYES: Noong una ipinagpalagay ng pamahalaan na ang mga imigrante ay madaling maging katulad ng mga Australyanong naninirahan na dito.

Sumunod ay naunawaan ng pamahalaan na mahalaga ang pagkakaiba ng mga kultura, kaya itinaguyod naman ang pagsasama-sama, na kinikilala ang kultura ng mga imigrante.

Sa ngayon ang patakaran ay multi-kulturalismo, na ipinagdiriwang at tinatangkilik ang pamamalagi ng iba’t-ibang kultura. Pinahahalagahan ang paggalang sa kultura, ang pagkakapantay-pantay sa lipunan, at ang mga pakinabang na natatamo mula sa pagkakaiba.